

Mga Letratong Libro at ang Sanggol

Paano tayo nakikipag-usap sa ating sanggol? Nakikipaglaro tayo sa ating sanggol ng “it bulaga”, niyayakap, tinitingnan natin ang mga mata, kinakantahan at kinakausap sila. Subalit, huwag natin kalimutan na mayroon mga letratong libro na mas mabisa na gamit para sa mga magulang para mag-ugnay ng nararamdaman sa sariling sanggol. Hindi nakakasama sa sanggol kung araw-araw parehong libro ang binabasa, dahil nakaka-diskobre ng bagong pag-iisip at nakakagawa ng ibat-ibang reaksiyon ang sanggol sa parehong libro na binasa. Sa pag-susunod ng mga iba't-ibang reaksiyon ng sanggol nakikita mo ang araw-araw na pag-laki ng bata. Isinagawa ang bookletang ito para makatulong na maranasan mo ang kaligayahan na dinudulot nito. Pinakikilala naming ang sari-saring letratong libro na magugustuhan mo. Bakit hindi mo bisitahin ang library o bookstore, para makakita ka ng pinaka-unang letratong libro para sa iyong sanggol?



Sa pag-gamit ng letratong libro ito ay makakatulong sa pag-laki ng bata para magkaroon ng dalawang wika

Kapag-naninirahan ka sa Japan, mayroon kang hindi pangkaraniwan na oportunidad na mapalaki ang iyong anak na mayroon dalawang wika sa dahilan na pag-gamit ng iyong nilakihan na wika o “mother tongue” na tinatawag at ang pag-gamit ng Hapon na wika; na ginagamit mong pang araw-araw. Kung ikaw ay nahihirapan na mag-hanap ng libro na pang-bata sa iyong salita, humanap ng letratong libro sa Hapon at sabihin ang storya sa iyong sariling wika. Kapag ikaw ay nag-sasalita sa iyong anak at ginagamitan mo ng iyong “mother tongue”, ang salita na ginagamit mo ay mayroon kang tiwala sa sarili na nagsasaad ng importante sa nilakihan mong kultura. Nagpapahayag din ang iyon sariling pang-amoy, pang-ugali at ang iyong “facial expression”. Ang mga bata ay napapag-aralan na magsalita sa pamamagitan ng pagsamahin ang mga naranasan na mga tunog. Sa pag-basa ng letratong libro sa bata, ang letrato ng libro at ang boses ng bumabasa ay nagbibigay at nagpapalawak ng bokabularyo sa bata na habang lumalaki ang kanilang pag-iisip at pag-katao. Sa pag-gamit ng dalawang wika-ang iyong “mother tongue” at Hapon, hinahandogan mo any iyong anak ng pang habang buhay na kayamanan.